

## Elementaryang Script:

**Ito ay isang pagsasalin sa Tagalog ng Tawag sa Telepono ng Mensahero ng Paaralan Bago ang Pagreregistro na matatanggap mo sa Ingles:**

**Ito ay isang napakahalagang mensahe mula sa Lupon ng Paaralan ng ng Distrito ng Toronto (Toronto District School Board) para sa iyong anak na papunta sa Baitang (*espesipiko sa bata*) ngayong Setyembre. (*Ikaw ay makakatanggap ng isang tawag sa telepono para sa bawa't isa ng iyong mga anak. Ang mga tawag ay makikilala sa pamamagitan ng baitang na kanilang dinadaluhan.*)**

Ang Ministeryo ng Edukasyon ay naghayag na ang mga paaralang elementarya ay magbabalik sa paaralan ng limang araw bawat linggo na may isang grupo para sa buong araw at may pinahusay na mga hakbang na pangkalusugan at pangkaligtasan sa lugar.

Batay sa mga rekomendasyon ng Pampublikong Kalusugan ng Toronto (Toronto Public Health) sa paligid ng pisikal na pagdidistansiya, ang TDSB ay bumuo ng isang estratehiya upang tiyakin na ang mga laki ng klase sa buong sistema ay nabawasan hangga't maaari habang nagtutuon sa mga mapagkukunan sa mga komunidad kung saan ang pangkalusugang datos ay nagpapakita ng mas mataas na panganib na makakuha ng COVID-19. Ang kawani ay nakikipagtulungan sa Pampublikong Kalusugan ng Toronto upang tukuyin ang mga paaralan na maaaring mangailangan ng mga karagdagang mapagkukunan.

Kung pipiliin mong hindi ipadala ang iyong anak sa paaralan para sa loob ng paaralang pag-aaral sa Setyembre, ang isang ganap na malayuang pag-aaral na modelo ay makukuha para sa iyong anak sa bahay sa pamamagitan ng Virtual na Paaralan para sa Malayuang Pag-aaral ng TDSB. Ang malayuang pag-aaral ay ihahatid sa pamamagitan ng isang sentral na malayuang paaralang modelo dahil walang sapat na mga mapagkukunan na maibigay para sa isang batay sa indibidwal na paaralang modelo.

Kailangang gumawa ang iyong paaralan ng mga listahan ng klase para sa Setyembre, kaya hinihiling namin sa iyo na irehistro ang iyong anak sa oras na ito para sa personal (ito'y nangangahulugan na sa paaralan) o malayuang pag-aaral (ito'y nangangahulugan na Malayuang Paaralan).

1) Paano babalik ang iyong anak sa paaralan sa Setyembre:

Pindutin ang 1 para sa “Ang anak ko ay dadalo nang personal”

Pindutin ang 2 para sa “Ang anak ko ay dadalo sa Virtual na Paaralan para sa Malayuang Pag-aaral”

Salamat sa iyong pagrerehistro. Mangyaring bisitahin ang aming website sa [www.tdsb.on.ca](http://www.tdsb.on.ca) upang makatanggap ng mga pagbabago at impormasyon tungkol sa mga susunod na hakbang.